PAGBANGON AT PAG-AHON
ni Sarah Gen DG. Reña

Isang hindi inaasang pangyayari ang bumawi ng maraming buhay at nagbigay pangamba sa kalusugan ng lahat ng tao sa mundo na nagsimula sa Wuhan, China noong 2019. Ito ay ang Corona Virus Disease na higit na kilala sa tawag na COVID-19. Isa itong respiratory disease na dulot ng SARS-CoV-2. Ang virus ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa iba sa pamamagitan ng respiratory droplets na nalilikha kapag ang isang taong may ganitong sakit ay umubo, bumahing, o nagsalita. Kapag hindi ito naagapan o mahina ang *immune system* ng taong apektado, maaari itong magpalubha ang kondisyon ng pasyente at maaari itong makamatay. Madali rin magkasakit ng ganito ang mga matatanda at bata lalong-lalo na ang may ibang sakit dahil mahina rin ang kanilang *immune system.*

Sapagkat ito ay nakakahawa, nagsagawa ng malawakang lockdown ang gobyerno upang maiwasan ang patuloy na pagkalat ng *virus*. Tumagal ang lockdown ng halos isang taon. Dahil dito, maraming kumpanya ang tumigil ng operasyon at marami na rin ang permanenteng nagsara kung kaya't marami ang nawalan ng trabaho. Bukod sa mga kumpanya, maraming pangkabuhayan din ang natigil ng pandemya tulad ng pamamasada ng pampublikong sasakyan, pagbebenta ng mga iba't-ibang gamit, at pagbukas ng turismo, atraksyon at *amusement parks*. Lubos silang naapektuhan lalung-lalo na ang maliliit na negosyante.

Bukod sa pangamba sa kalusugan, dagdag pasanin pa sa mga mamamayan ang pang-araw-araw na gastusin dahil tumigil din sila sa pagtatrabaho. Sa sitwasyong ito, hindi maikakaila na marami ang nalugmok at naubusan ng pag-asa lalo na ang mga nawalan ng mahal sa buhay. Mistulang bangungot na hindi matapos-tapos ang dagok na ito sapagkat walang nakakaalam na maaari pala itong mangyari at sa isang iglap, pwedeng kumitil ito ng maraming buhay at mag-alis ng pangkabuhayan.

Ngunit sabi nga nila, likas na matatag ang mga Pilipino sa anumang hamon sa buhay. Walang pagsubok ang hindi natin kayang lagpasan sapagkat mayroon tayong pag-asa at pananalig na matatapos at malalagpasan din ang lahat ng ito. Kaya sa panahon ng pandemya, marami ang nagtulong-tulong upang wakasan ang bangungot na ito. Matatawag na modernong bayani ang mga *medical frontliners* na walang takot na humarap sa nakamamatay na virus upang tulungan ang mga apektado nito at marami rin sa kanila ang nagbuwis ng buhay sa gitna ng kanilang trabaho. Hindi rin malilimutan ang mga alagad ng batas na silang nagpanatili ng kaayusan sa gitna ng pandemya kahit kapalit nito ay ang pansamantalang paglayo sa kanilang pamilya para na rin sa kanilang kaligtasan. Isama pa ang mga taong may inisyatibong magbayanihan at magbahagi ng mga pangunahing pangangailangan ng tao tulad ng *medical supplies,* pagkain, tubig, at damit. Hindi

matatawaran ang kanilang kabutihan sa gitna ng problemang kinakaharap hindi lang ng bansa kundi ng buong mundo.

Hindi rin dapat kalimutan ang mga doktor at propesyunal sa medisina na silang nagtulong-tulong upang makagawa ng bakuna laban sa COVID-19. Dahil sa kanilang maagap na pag-aaral at pagbabahagi ng kaalaman, mas mabilis na nakagawa ng epektibong panlaban sa virus na ito. Kung hindi dahil sa kanila, malamang ay patuloy pa ring nakakulong ang mga tao sa kani-kanilang tahanan upang maiwasan ang pagkahawa ng sakit na ito.

Sa kasalukuyan, unti-unti nang bumabangon ang mga mamamayan mula sa pagkakadapa dulot ng pandemya. Maraming kumpanya at negosyo na ang nagbubukas at nagsisimula ulit ng panibagong yugto ng kanilang buhay. Nagsisimula na ring umarangkada at mamasasada ang mga pampublikong sasakyan. Umuusbong na rin ang turismo, nagbubukas na ang mga atraksyon at *amusement parks* na matagal na nagtigil operasyon. Bumabawi na rin ang mga maliliit na negosyante sa kanilang pagkalugi dahil sa COVID-19. Samakatwid, gumagana na ang iba't-ibang sekta sa lipunan na minsang pinatay ng pandemya.

Nawalan man ng mahal sa buhay ang iba nating kababayan, unti-unti na rin nila itong tinatanggap at nagpapatuloy sa buhay dahil marahil ito rin ang gusto ng namayapa. Ginawa nila itong inspirasyon upang mas lalong magsikap sa buhay at maabot ang kani-kanilang pangarap dahil ito rin ang hiling sa kanila ng karamihan sa sumakabilang-buhay. Nananalig silang ang mga namayapa ang magsisilbing gabay sa kanilang paglalakbay dito sa mundong ibabaw. Ang iba naman ay naniniwalang kapag mayroong nawala, mayroon ding papalit na makapagbibigay sa kanila ng kasiyahan at direksyon sa buhay.

Katulad ng marami, isa rin ako sa mga naapektuhan ng pandemya. Ngunit para sa akin, anumang hampas ng alon ang dumating, patuloy pa rin ang pagbangon at pag-ahon dahil sa mga mahal ko sa buhay. Sila ang nagpapatatatag sa akin at patuloy na nagbibigay motibasyon upang anumang pagsubok ay aking haharapin at kakayanin.

Sabi ng mga nakatatanda "kapag ikaw ay nadapa, matuto kang bumangon." Ito marahil ang pinakamagandang mensahe na gustong iparating ng Pandemya sa atin. Hindi rason ang isang matinding pagsubok upang sumuko sa buhay. Bagkus, dapat ito ang maging dahilan ng patuloy na paglaban at pagkamit ng mga nais pang marating sa buhay. Ito dapat ang siyang pagpagkuhanan ng lakas sapagkat hindi pa ito ang wakas. "Pandemya lang 'yan, Pilipino tayo."